# ANG MAGANDANG PINAGSAMAHAN

*Isang bukas na*
*Liham sa mga*
*Rizaleño ng Antipolo*

Una sa lahat, ang aking pong pagbati.

Marahil, alam na ng marami sa atin ang balak ng City Government ng Antipolo na madeklara bilang isang Highly-urbanized City ang ating lungsod.

At kamakailan, sinimulan na ng Commission on Elections (COMELEC) ang paghahanda para sa isang plebiscite. Dito, tatanungin ang mga Rizaleño ng Antipolo kung papayag po ba tayo o hindi na humiwalay na ang Antipolo sa probinsiya ng Rizal.

Anuman po ang maging desisyon ng mga kababayan natin, iyan po ay igagalang ko at ng Provincial Council o Sangguniang Panlalawigan. Nasa kamay po ninyo ang kapalaran at kinabukasan ng mahal nating Antipolo.

At anuman po ang mangyari, huwag sana nating kalimutan ang Magandang Pinagsamahan – ang magandang partnership ng probinsiya ng Rizal at ng Antipolo.

At ito ang ilan sa mga pruweba ng Magandang Pinagsamahan.

Mula nuong taong 1992 hanggang sa kasalukuyan, tinulungan ng ating Probinsiya ang Antipolo na mabigyan ng mga sumusunod:

1. Isang Kapitolyo na malapit sa ating mamamayan;
2. Ynares Center na pinagdarausan ng PBA, mga concerts at TV shows, graduations at pagpupulong ng iba't ibang sector ng ating lipunan;
3. Antipolo District Hospital. Kahit ang ilan sa ating mga Antipoleño ay pumupunta pa rin at nagpapagamot sa Rizal Provincial Hospital sa Morong;
4. Libo-libong mga classrooms;
5. Daan-daang mga school buildings;
6. Libo-libong kilometrong mga kalsada;
7. Mahigit sa 5,000 housing units o bahay at lupa;
8. Electrification projects;

9. Mahigit sa 30,000 iskolars;
10. Multi-purpose buildings tulad ng health centers, daycare centers, tanggapan ng mga senior citizens at barangay halls;
11. Mga sasakyang tulad ng ambulansya at dump trucks; service vehicles gaya ng multicabs at patrol motorcycles at iba't iba pang kagamitan;
12. Sports facilities gaya ng covered courts.
13. At madami pang iba.

Sa kasalukuyan, marami pang katulad na tulong ang inihahanda ng Provincial Government natin para sa mahal nating mga taga-Antipolo. At habang patuloy pang parte o bahagi ng Rizal ang Antipolo, patuloy din ang buhos ng suporta at kalinga ng Probinsiya sa mga kababayan natin dito.

May isang pakiusap lang po ako.

May ilan, na sa pangangampanya para sa paghiwalay ng Antipolo sa Rizal, ay kailangan pang siraan ang Magandang Pinagsamahan. Hindi po ito kailangan. Walang naging hadlang sa Magandang Pinagsamahan ng Antipolo at Rizal mula nuon hanggang ngayon.
Hindi na ito dapat sirain.

Simple lang naman ang pinagpipilian ng mga Rizaleño ng Antipolo: Una, ipagpatuloy ang pagtutulungan at Magandang Pinagsamahan o pangalawa, maging isang Highly Urbanized City at tuluyang humiwalay sa Lalawigan ng Rizal.

Ang pinagpipilian ay dalawang parehong magandang bagay.

Gawin nating maganda rin ang proseso ng pagpili.

At muli, makakaasa tayong lahat ng suporta ng inyong Provincial Government.

Para sa Magandang Pinagsamahan, ako ay

Lubos na Gumagalang,

**JUN YNARES**
Governor